

Baradong (plugged) linya at kagamitan - Higit pa sa isang istorbo

Setyembre 2019

Sinisiyasat ng CSB ang isang insidente kung saan naganap ang isang problema sa proseso na nag-resulta na magkaroon ng bara (plugged) ang singawan (Fig. 1) at ang aparato ng kaluwagan sa tangke ng pagsulong para sa pagtatapon. Nang dumating ang mga tauhan ng pagpapanatili upang buksan ang tangke ng pagsulong upang ito ay linisin, ang natitirang presyon ay nag-resulta ng pagsabog na nagpalipad sa mabigat na takip (Larawan 2), na pumatay sa kanilang tatlo(3). Bakit nangyari ito?



Fig. 1 Baradong linya ng singawan

Bakit binuksan ng mga taong nagpapanatili ang tangke habang may presyon pa ito? Sa pagsisimula ng proseso ay nailipat ang hindi pasado na produkto sa tangke ng pagsulong na nagpakawala ng usog, at bumara sa singawan na nagpa-taas ng presyon sa tangke. Ang tagapagpahiwatig ng presyon (gauge) ay barado (plugged) din at hindi nagrehistro ng anumang presyon.



Fig. 2 Lumipad na takip

Alam mo ba?

- Ang mga baradong linya at kagamitan ay nakakagambala; ang linisin ang mga ito nang ligtas ay maaaring maging sobrang masalimuot na trabaho. Ang mga baradong linya at kagamitan ay maaaring makonekta at magpahiwatig ng isa pang pangunahing suliranin - may harang o barado rin ang pangunahing kagamitang instrumento o mga aparato ng kaluwagan .
- Maraming mga bagay ang maaaring maging sanhi ng pagka-bara, mas mataas na mga materyales sa pagtunaw, bagay na matigas at buo sa daloy ng proseso o mga produkto ng kaagnasan. Ang pag-aalis ng bara sa kagamitan ay nangangailangan ng wastong paghihiwalay bago simulan ang anumang pagbubukas ng linya / kagamitan. (LOTO).
- Ang isang pamamaraan ay dapat na umiiral o nilikha upang ilista ang mga hakbang at pamamaraan sa pagwawasto sa mga linya.

Ano ang puwede mong gawin?

- Ang mga baradong linya at kagamitan ay mga tagapagpahiwatig ng iba pang mga problema - sira sa isang proseso, labis na kaagnasan, atbp. Iulat ang pagka-bara kahit maliit lang na problema sa proseso ang nangyayari.
- Ang mga madalas na bara na linya o kagamitan ay kailangang maimbestigahan upang maiwasan ang mga pag-aalsa at mga problema sa pag-lilinis nito.
- Bago linisin ang mga linya o kagamitan huminto at suriin kung paano magpapatuloy ang gawain at kung ano ang iba pang mga peligro na maaaring naroroon na malalantad sa panahon ng pag-lilinis.

Kapag barado ang kagamitan, maaaring ito ay isang babala na ang ibang kagamitan ay barado din